Patakaran sa Privacy

Binago: Oktubre 13, 2026

Inilalarawan ng patakaran sa privacy na ito ("Patakaran sa Privacy") ang mga uri ng personal na impormasyong maaaring makuha tungkol sa iyo ng Toyota Motor Credit Corporation, na nagnenegosyo bilang Toyota Financial Services at Lexus Financial Services ("TMCC", "kami", "aming", o "namin"), sa pamamagitan ng www.toyotafinancial.com at www.lexusfinancial.com (bawat isa ay isang "Website" at sama-sama ay ang "Mga Website") at anumang interaktibong tampok, application sa mobile device, o iba pang serbisyong naglalaman ng link sa Patakaran sa Privacy na ito, pati na rin ang anumang offline na aktibidad kung saan kami kumukuha ng impormasyon tungkol sa iyo (bawat isa ay isang "Serbisyo" at sama-sama ay ang "Mga Serbisyo"); kung paano namin maaaring gamitin ang impormasyon; kung kanino namin ito maaaring ibahagi; at ang mga pagpipiliang magagamit mo kaugnay ng aming paggamit sa impormasyon. Inilalarawan din namin ang mga hakbang na ginagawa namin upang maprotektahan ang seguridad ng impormasyon at kung paano mo kami makokontak tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy. Ang personal na impormasyon, gaya ng paggamit sa Patakaran sa Privacy na ito, ay kinabibilangan ng anumang impormasyong itinuturing na "personal data", "personally identifiable information", at anumang iba pang katulad na terminong ginagamit sa mga naaangkop na batas.

I-click ang isa sa mga link sa ibaba upang pumunta sa nakalistang seksyon:

Impormasyong Kinokolekta Namin

Paano Namin Ginagamit ang Impormasyong Kinokolekta Namin

Paano at Kailan Namin Gagamitin ang Data ng Geolocation ng Konektadong Sasakyan para sa Pagseserbisyo

Paano at Kailan Namin Gagamitin ang Data ng Geolocation ng Konektadong Sasakyan para sa Pagseserbisyo sa Pagtatapos ng Lease

Impormasyong Ibinabahagi Namin

Iyong Mga Karapatan at Pagpipilian

Paano Namin Pinoprotektahan ang Personal na Impormasyon

Privacy ng mga Bata

Mga Link sa Mga Serbisyo at Tampok ng Third Party

Mga Update sa Aming Patakaran sa Privacy

Paano Makipag-ugnayan sa Amin

Pahayag sa Privacy ng California

Impormasyong Kinokolekta Namin

Kabilang sa mga uri ng personal na impormasyong maaari naming makuha sa pamamagitan ng paggamit mo sa Mga Serbisyo ang:

- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan, gaya ng pangalan, address na padadalhan ng sulat, zip code, email address, at numero ng telepono;
- Impormasyong kinakailangan upang magparehistro at mag-log in sa iyong Online Account, gaya ng numero ng Online Account, password, vehicle identification number, Social Security number, numero ng telepono, username, at email address;
- Impormasyong natatanggap namin mula sa iyo sa mga aplikasyon para sa kredito o iba pang mga form, gaya ng iyong mga ari-arian at kita;
- Impormasyong natatanggap namin mula sa iyo tungkol sa iyong mga transaksyon sa amin, o mula sa aming mga kaakibat o iba pa (ayon sa pinahihintulutan ng batas), gaya ng balanse ng iyong account, aktibidad ng account, pagbili, at kasaysayan ng pagbabayad;
- Impormasyon para sa pagbuo ng lead at pakikipag-ugnayan kapag nagpahayag ka ng interes sa isang sasakyan ("Lead Data"), kabilang ang pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, modelo ng sasakyang interesado ka, at pinagmulan ng lead (gaya ng sa pamamagitan ng aming Website o call center);
- Data ng geolocation, kabilang ang mula sa iyong (mga) mobile device o (mga) sasakyan, nang may pahintulot mo;
- Impormasyon tungkol sa paggamit mo sa Mga Serbisyo;
- Impormasyon mula sa survey, kabilang ang iyong mga sagot sa mga tanong sa survey na maaari naming ipadala sa iyo para sa mga layunin ng pananaliksik o upang mapahusay ang aming Mga Serbisyo; at
- Iba pang impormasyong pinili mong ibigay sa amin.

Kapag ginagamit mo ang aming Mga Serbisyo, maaari kaming makakuha ng ilang impormasyon sa pamamagitan ng mga awtomatikong paraan, gaya ng cookies, web beacons, web server logs, embedded scripts, browser fingerprinting, recognition technologies, at iba pang katulad na teknolohiya. Ang "cookie" ay isang text file na ipinapadala ng mga website sa computer o iba pang device na nakakonekta sa internet ng isang bisita upang natatanging matukoy ang browser ng bisita o upang mag-imbak ng impormasyon o mga setting sa browser. Ang "web beacon," na kilala rin bilang internet tag, pixel tag, o clear GIF, ay nag-uugnay ng mga web page sa mga web server at cookies at maaaring gamitin upang ipadala pabalik sa isang web server ang impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng cookies. Maaaring kabilang sa impormasyong kinokolekta namin sa paraang ito ang IP address ng iyong device, Internet Service Provider, natatanging device identifier, mga katangian ng web browser (kabilang ang uri at bersyon), system font, mga katangian ng device (kabilang ang platform, bersyon, at mga setting ng device (hal., Wi-Fi, Bluetooth, GPS)), operating system, plug-ins, system fonts,

mga kagustuhan sa wika, mga URL ng referring/exit page, clickstream data, mga binisitang page, at mga petsa, oras, at tagal ng pagbisita sa website.

Maaari naming gamitin ang mga awtomatikong teknolohiyang ito upang mangolekta ng impormasyon tungkol sa iyong kagamitan, mga pagkilos sa pagba-browse, at mga pattern ng paggamit. Tinutulungan kami ng mga teknolohiyang ito na (1) tandaan ang iyong impormasyon upang hindi mo na ito muling ilagay; (2) subaybayan at maunawaan kung paano mo ginagamit at nakikipag-ugnayan sa aming Mga Serbisyo; (3) iangkop ang Mga Serbisyo sa iyong mga kagustuhan; (4) sukatin ang kadalian ng paggamit ng aming Mga Serbisyo at ang pagiging epektibo ng aming mga komunikasyon; at (5) pamahalaan at higit pang pahusayin ang aming Mga Serbisyo.

Maaaring ipaalam sa iyo ng iyong browser kung paano makatanggap ng abiso tungkol sa ilang uri ng awtomatikong teknolohiya sa pagkolekta at kung paano paghigpitan o i-disable ang mga ito. Gayunman, pakatandaan na kung wala ang mga teknolohiyang ito, maaaring hindi mo magamit ang lahat ng tampok ng aming Mga Serbisyo. Para sa mga mobile device, maaari mong pamahalaan kung paano ibinabahagi ng iyong device at browser ang ilang data ng device sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga setting ng privacy at seguridad sa iyong mobile device.

Paano Namin Ginagamit ang Impormasyong Kinokolekta Namin

Maaari naming gamitin ang personal na impormasyong nakukuha namin sa pamamagitan ng paggamit mo sa Mga Serbisyo upang:

- Iproseso ang mga aplikasyon ng customer at pag-apruba ng kredito, kabilang ang pagsasagawa ng pagmomodelo sa panganib ng customer at kredito;
- Pamahalaan at pangasiwaan ang mga account ng customer, kabilang ang pag-uugnay ng mga account ng customer sa iba pang online account na mayroon kaming ugnayang pangnegosyo;
- I-personalize ang iyong karanasan sa aming Mga Serbisyo at mga alok;
- Makipag-ugnayan sa iyo, kabilang ang pagtugon sa iyong mga kahilingan para sa impormasyon at mga katanungan;
- Pamahalaan ang aming mga komunikasyon sa iyo (kabilang ang iyong mga kagustuhan sa abiso sa email);
- I-advertise at i-market ang aming mga produkto at serbisyo, pati na ang mga produkto at serbisyo ng iba (kapwa mga kaakibat at hindi kaakibat);
- Suriin ang Lead Data at mga kaugnay na ulat ng sukatan (gaya ng Key Performance Indicators o “KPI”);
- Ibigay, patakbuhin, at panatilihin ang aming negosyo, mga produkto, at serbisyo (kabilang ang Mga Serbisyo at ang mga interaktibong tampok ng mga ito);
- Magbigay ng suporta sa customer at dealer at pamamahala ng ugnayan;
- Suriin, tasahin, at pahusayin ang aming negosyo (kabilang ang pagbuo ng mga bagong produkto at serbisyo; pagtatasa sa mga third-party vendor at service provider; pag-optimize, pagpapanatili, pagpapahusay, at pagsubaybay sa paggamit ng aming Mga Serbisyo; pagsasagawa ng data analytics, pagkakategorya, paggawa ng desisyon, at

pananaliksik sa merkado; at pagsasagawa ng billing, pagbabayad, fulfillment, pag-uulat sa pananalapi, accounting, auditing, at iba pang panloob na gawain);

- Panatilihin at pahusayin ang kaligtasan at seguridad ng aming Mga Serbisyo, mga user, negosyo, mga produkto, at serbisyo, kabilang ang pagtukoy, pag-iwas, at pagtugon sa mga teknikal na isyung nauugnay sa aming Mga Serbisyo, at pagpigil sa maling paggamit ng aming Mga Serbisyo;
- Gamitin ang aming mga karapatan at remedyo, protektahan at ipagtanggol ang aming mga karapatan o ari-arian, magsagawa ng mga aktibidad sa paniningil, at ipagtanggol ang sarili laban sa mga legal na paghahabol;
- Protektahan laban sa, tukuyin, imbestigahan, at pigilan ang pandaraya at iba pang kriminal na aktibidad, maling gawain, paghahabol, at iba pang pananagutan; at
- Sumunod sa, magsagawa ng audit sa, at ipatupad ang naaangkop na mga legal at compliance na kinakailangan at obligasyon, mga kaugnay na pamantayan ng industriya, at mga patakaran at pamamaraan ng TMCC, kabilang ang Privacy Policy na ito, ang aming Kasunduan sa Mga Serbisyo ng Online Account, at Mga Tuntunin ng Paggamit Online.

Maaari rin naming gamitin ang impormasyon sa iba pang paraan kung saan nagbibigay kami ng partikular na abiso sa oras ng pagkolekta.

Mga Serbisyo ng Third-Party Analytics

Maaari kaming gumamit ng mga serbisyo ng third-party analytics sa pamamagitan ng aming Mga Serbisyo, gaya ng Google Analytics at Adobe Analytics. Ang impormasyong nakukuha namin sa pamamagitan ng Mga Serbisyo ay maaaring ibunyag sa o direktang kolektahin ng mga serbisyong ito. Upang matuto nang higit pa tungkol sa Google Analytics, mangyaring bisitahin ang https://www.google.com/policies/privacy/partners/. Upang matuto nang higit pa tungkol sa Adobe Analytics, mangyaring bisitahin ang https://www.adobe.com/privacy.html.

Mga Pangkalahatang Mekanismo ng Pag-opt Out

Hindi kami nagsasagawa ng “pagbebenta,” “pagbabahagi,” o “naka-target na pag-advertise,” ayon sa kahulugan ng mga terminong iyon sa ilalim ng mga naaangkop na batas, sa pamamagitan ng paggamit ng cookies o iba pang teknolohiya sa online tracking; samakatuwid, hindi kinikilala ng Mga Website ang signal ng Global Privacy Control (“GPC”). Para sa higit pang impormasyon at upang mag-download at gumamit ng browser na sumusuporta sa GPC browser signal, mag-click dito: Global Privacy Control — Kontrolin ang Iyong Privacy. Kung pipiliin mong gamitin ang GPC signal, kakailanganin mong i-on ito para sa bawat sinusuportahang browser o browser extension na ginagamit mo.

May ilang internet browser na may tampok na “Do Not Track” na nagbibigay ng signal sa mga website na binibisita mo na ayaw mong masubaybayan ang iyong online na aktibidad. Dahil walang iisang paraan kung paano ipinapadala ng mga browser ang signal

na “Do Not Track,” sa kasalukuyan ay hindi binibigyang-kahulugan, tinutugunan, o binabago ng Mga Website ang kanilang mga kasanayan kapag nakatanggap sila ng mga signal na “Do Not Track.”

Paano at Kailan Gagamitin ng TMCC ang Data ng Geolocation ng Konektadong Sasakyan para sa Pagseserbisyo.

Bilang may hawak ng lien/nagpapaupa sa iyo, maaaring atasan ng TMCC ang Toyota Motor North America, Inc. (“TMNA”) na hanapin ang iyong sasakyan dahil sa (1) pinaghihinalaang pandaraya o (2) paglabag sa iyong lease, retail installment contract, o vehicle loan sa TMCC. Maaaring subukan ng TMNA na hanapin ang iyong sasakyan at ibahagi ang lokasyon nito sa TMCC. Kakailanganing direktang makipag-ugnayan ng TMCC sa TMNA upang makuha ang impormasyon tungkol sa lokasyon ng sasakyan.

Paano at Kailan Gagamitin ng TMCC ang Data ng Geolocation ng Konektadong Sasakyan para sa Pagseserbisyo sa Pagtatapos ng Lease.

Upang matiyak na tumpak na naitatala ang pagsasauli ng iyong inuupahang sasakyan at maayos na naa-update ang iyong account, aatasan ng TMCC ang TMNA na hanapin at ibahagi ang lokasyon ng inuupahang sasakyan kapag natanggap ang abiso tungkol sa pagsasauli nito.

Impormasyong Ibinabahagi Namin

Maaari naming ibahagi ang impormasyong nakukuha namin tungkol sa iyo sa aming mga kaakibat, gaya ng aming parent company, mga subsidiary, at iba pang kaakibat na kumpanya sa Toyota corporate group. Maaaring kabilang sa mga kumpanyang ito ang iba pang financial services company (hal., Toyota Financial Savings Bank, Toyota Motor Insurance Services, Inc.) at mga non-financial services company (hal., Toyota Motor Sales U.S.A., Inc., TMNA, mga awtorisadong dealership ng Toyota at Lexus at iba pang dealership na mayroon kaming ugnayang pangnegosyo, mga independiyenteng asosasyon sa marketing ng mga dealership ng Toyota at Lexus, mga pribadong distributor ng Toyota, mga hindi kaakibat na third party na humihiling ng impormasyon tungkol sa iyong account, at mga hindi kaakibat na third party na maaaring magbenta ng iyong data sa pinagsama-samang anyo para sa mga layunin ng automotive marketing) na sangkot sa pamamahagi, marketing, at pagbebenta ng mga sasakyan (gaya ng mga manufacturer ng sasakyan, distributor ng sasakyan, at mga asosasyon sa marketing ng dealership). Kabilang dito ang pagbebenta o pagbabahagi ng Lead Data sa TMNA para sa pagbuo ng lead at kaugnay na pakikipag-ugnayan, pagsasama-sama ng data, at pag-uulat ng KPI.

Maaari rin naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga kumpanya (kabilang ang iba pang financial services company) na nag-aalok ng mga produkto at

serbisyong katulad ng sa amin, at sa mga institusyong pinansyal na mayroon kaming mga kasunduan sa joint marketing. Bukod dito, maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga kumpanya ng social media at teknolohiya. Maaari rin naming ibahagi ang impormasyong nakukuha namin tungkol sa iyo sa mga service provider na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin, gaya ng website hosting, data analytics, pamamahala ng account, pagproseso ng bayad, paniningil ng utang, marketing, advertising, at iba pang serbisyo. Hindi namin pinahihintulutan ang aming mga service provider na gamitin o ibunyag ang impormasyon maliban kung kinakailangan upang maisagawa ang mga serbisyo para sa amin o upang sumunod sa mga legal na kinakailangan.

Maaari rin naming ibunyag ang personal na impormasyon (1) kung inaatasan kaming gawin ito ng batas o legal na proseso (gaya ng utos ng hukuman o subpoena); (2) bilang tugon sa mga kahilingan ng mga ahensya ng pamahalaan, gaya ng mga awtoridad na nagpapatupad ng batas; (3) upang itatag, gamitin, o ipagtanggol ang aming mga legal na karapatan; (4) kapag naniniwala kaming kinakailangan o naaangkop ang pagbubunyag upang maiwasan ang pisikal o iba pang pinsala o pagkalugi sa pananalapi; (5) kaugnay ng imbestigasyon sa pinaghihinalaan o aktuwal na ilegal na aktibidad; o (6) sa iba pang pagkakataon, nang may pahintulot mo.

Hindi namin pinoproseso ang personal na impormasyon para sa naka-target na pag-advertise.

Inilalaan namin ang karapatang ilipat ang anumang personal na impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo kung ibebenta o ililipat namin (o isinasaalang-alang naming ibenta o ilipat) ang kabuuan o bahagi ng aming negosyo o mga ari-arian (kabilang ang merger, acquisition, joint venture, reorganization, divestiture, dissolution, o liquidation).

Iyong Mga Karapatan sa Privacy at Karagdagang Pagbubunyag

Nag-aalok kami sa iyo ng ilang pagpipilian kaugnay ng personal na impormasyong kinokolekta namin mula sa iyo o tungkol sa iyo. Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga pagpipilian sa privacy na maaaring magagamit sa iyo, maaari mong tingnan ang Patakaran sa Privacy ng customer na ipinadala sa iyo sa koreo, suriin ang tab na My Privacy sa ilalim ng seksyong My Profile ng aming Website, o tawagan kami sa 1-888-717-9248, 1-800-255-8713, o alinman sa mga sumusunod na numero, ayon sa naaangkop: 1-800-874-8822 (Toyota Financial Services), 1-800-874-7050 (Lexus Financial Services), 1-866-693-2332 (Mazda Financial Services), 1-800-228-8559 (Toyota Motor Insurance Services, Inc.) o 1-800-469-5214 (Toyota Credit de Puerto Rico Corp.).

Kung nais mong mag-unsubscribe mula sa anumang pang-promosyong email o text message na maaari naming ipadala sa iyo, mangyaring sundin ang mga tagubilin sa pag-unsubscribe na kasama sa bawat naturang komunikasyon.

Depende sa estadong tinitirhan mo, maaari kang magkaroon ng ilang karapatan sa privacy kaugnay ng iyong personal na impormasyon. Halimbawa, nagpasa ang California, Colorado, Connecticut, Delaware, Minnesota, New Jersey, Oregon, Texas, at iba pang estado ng mga batas sa privacy. Pakatandaan na ang personal na impormasyong kinokolekta namin kaugnay ng ilang Serbisyong kinukuha mo para sa personal, pampamilya, o gamit sa sambahayan, kabilang ang iyong personal na account sa TMCC, ay hindi saklaw ng mga kinakailangan ng mga batas sa privacy na ito dahil ang naturang data ay protektado na sa ilalim ng mga umiiral na pederal na batas sa privacy, kabilang ang Gramm-Leach-Bliley Act. Mangyaring tingnan ang Patakaran sa Privacy ng GLBA ng TMCC para sa higit pang impormasyon tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy kaugnay ng naturang data. Kung ikaw ay residente ng California, mangyaring tingnan ang seksyon ng Patakaran sa Privacy na ito na pinamagatang "Pahayag sa Privacy ng California" para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa privacy. Para sa mga residente ng ibang estado, maaaring kabilang sa iyong mga karapatan sa privacy ang mga sumusunod (kung naaangkop):

- Karapatang kumpirmahin kung pinoproseso namin o hindi ang iyong personal na impormasyon at ma-access ang naturang personal na impormasyon at ang mga kategorya ng personal na impormasyong pinoproseso o naproseso namin;
- Karapatang makakuha ng kopya ng iyong personal na impormasyong kinolekta namin mula sa iyo at/o tungkol sa iyo sa isang portable at, hangga't teknikal na magagawa, madaling magamit na format na nagbibigay-daan sa iyong ilipat ang impormasyon sa ibang controller nang walang hadlang, kapag isinasagawa ang pagproseso sa pamamagitan ng mga awtomatikong paraan;
- Karapatang makakuha ng listahan ng mga third party kung kanino namin ibinunyag ang personal na impormasyon o, depende sa estadong tinitirhan mo, kung hindi namin pinananatili ang naturang listahan sa format na partikular sa iyo, isang listahan ng mga third party kung kanino namin ibinunyag ang personal na impormasyon ng sinumang consumer o ang mga kategorya ng mga third party;
- Karapatang ipatanggal ang personal na impormasyong kinolekta namin mula sa iyo at/o tungkol sa iyo, alinsunod sa ilang pagbubukod;
- Karapatang iwasto ang hindi tumpak na personal na impormasyong pinananatili namin tungkol sa iyo, alinsunod sa ilang pagbubukod;
- Karapatan, kung naaangkop, na mag-opt out sa pagproseso ng iyong personal na impormasyon para sa mga layunin ng (1) naka-target na pag-advertise; (2) "pagbebenta" (ayon sa pakahulugan ng naaangkop na batas) ng iyong personal na impormasyon; at (3) profiling upang suportahan ang mga desisyong nagdudulot ng legal o katulad na makabuluhang epekto sa iyo;
- Kung inaatasan kami ng naaangkop na batas na kunin ang iyong pahintulot upang iproseso ang sensitibong personal na impormasyon, ang karapatang bawiin ang iyong pahintulot; at
- Karapatang hindi makatanggap ng diskriminatoryong pagtrato mula sa amin dahil sa paggamit ng iyong mga karapatan sa privacy.

Upang gamitin ang iyong mga karapatan, ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay maaaring: (1) humiling ng access sa, o pagwawasto o pagtanggal ng, iyong personal na

impormasyon; (2) atasan kaming ihinto ang pagbebenta ng iyong personal na impormasyon; o (3) iapela ang aming desisyon kaugnay ng isang kahilingang isinumite mo, sa mga sumusunod na paraan:

Sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-422-7220 o pagsagot sa aming form ng kahilingan sa privacy na makukuha sa:

- Toyota Financial Services: https://www.toyotafinancial.com/us/en/data-privacy-request.html
- Lexus Financial Services: https://www.lexusfinancial.com/us/en/data-privacy-request.html

Paano Namin Pinoprotektahan ang Personal na Impormasyon

Nagpapanatili kami ng mga administratibo, teknikal, at pisikal na pananggalang na idinisenyo upang protektahan ang personal na impormasyong ibinibigay mo laban sa aksidental, labag sa batas, o hindi awtorisadong pag-access, pagsira, pagkawala, pagbabago, pagbubunyag, o paggamit.

Privacy ng mga Bata

Ang aming Mga Serbisyo ay idinisenyo para sa pangkalahatang madla at hindi nakatuon sa mga bata. Kaugnay ng aming mga online na Serbisyo, hindi namin sinasadyang hinihingi o kinokolekta online ang personal na impormasyon mula sa mga batang wala pang 13 taong gulang. Kung naniniwala kang maaaring nagbigay sa amin ng personal na impormasyon ang isang batang wala pang 13 taong gulang, mangyaring makipag-ugnayan sa amin ayon sa nakasaad sa seksyong Paano Makipag-ugnayan sa Amin ng Patakaran sa Privacy.

Mga Link sa Mga Serbisyo at Tampok ng Third Party

Para sa iyong kaginhawahan at impormasyon, maaaring magbigay ang aming Mga Serbisyo ng mga link sa iba pang online na serbisyo at maaaring magsama ng mga tampok ng third party gaya ng mga app, tool, widget, at plug-in. Maaaring gumana nang hiwalay sa amin ang mga online na serbisyong ito at mga tampok ng third party. Ang mga kasanayan sa privacy ng mga kaugnay na third party, kabilang ang mga detalye tungkol sa impormasyong maaari nilang kolektahin tungkol sa iyo, ay napapailalim sa mga pahayag sa privacy ng mga partidong iyon, na mariin naming iminumungkahi na suriin mo. Hangga’t ang anumang naka-link na online na serbisyo o tampok ng third party ay hindi pagmamay-ari o kontrolado ng TMCC, wala kaming pananagutan sa mga kasanayan sa impormasyon ng mga third party na ito.

Mga Update sa Aming Patakaran sa Privacy

Maaari naming i-update ang Patakaran sa Privacy na ito paminsan-minsan at nang walang paunang abiso sa iyo upang maipakita ang mga pagbabago sa aming mga kasanayan sa personal na impormasyon. Isasaad namin sa itaas ng Patakaran sa Privacy kung kailan ito pinakahuling na-update. Kung mahalaga ang mga pagbabago, magbibigay kami ng abiso tungkol sa mga ito sa aming Website bago magkabisa ang mga pagbabago.

Paano Makipag-ugnayan sa Amin

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Patakaran sa Privacy na ito o sa aming mga kasanayan sa privacy, mangyaring tawagan kami sa 1-888-717-9248 o sa alinman sa mga sumusunod na numero, ayon sa naaangkop: 1-800-874-8822 (Toyota Financial Services), 1-800-874-7050 (Lexus Financial Services), 1-866-693-2332 (Mazda Financial Services), 1-800-228-8559 (Toyota Motor Insurance Services), o 1-800-469-5214 (Toyota Credit de Puerto Rico Corp.), o mag-email sa tfs_office_of_privacy@toyota.com.

PAHAYAG SA PRIVACY NG CALIFORNIA

Ang Pahayag sa Privacy ng California na ito ("Pahayag") ay pandagdag sa Patakaran sa Privacy ng TMCC**.** Saklaw ng Pahayag ang personal na impormasyong kinokolekta namin online at offline at nilayon lamang para sa, at naaangkop lamang sa, mga residente ng California. Hindi naaangkop ang Pahayag na ito sa mga tauhan, vendor, o kinatawan ng business-to-business customer ng TMCC, o sa data ng customer o consumer na saklaw ng GLBA o FCRA.

Gumagamit ang Pahayag na ito ng ilang terminong may kahulugang itinakda sa California Consumer Privacy Act of 2018, na sinususugan ng California Privacy Rights Act of 2020, at sa mga regulasyong nagpapatupad nito (sama-samang tinutukoy bilang "CCPA").

1. Pagkolekta at Paggamit ng Personal na Impormasyon

Maaari naming kolektahin (at maaaring nakolekta namin sa loob ng 12 buwang panahon bago ang petsa ng pagkakabisa ng Pahayag na ito) ang mga sumusunod na kategorya ng personal na impormasyon tungkol sa iyo:

- **Mga Identifier:** mga identifier gaya ng tunay na pangalan, alyas, address na padadalhan ng sulat, numero ng telepono, email address, at pangalan ng account
- **Mga natatanging personal na identifier** (identifier ng device; cookies, beacons, pixel tags, mobile ad identifiers, o iba pang katulad na teknolohiya)
- **Online na Aktibidad:** Impormasyon tungkol sa aktibidad sa internet at iba pang electronic network, kabilang ngunit hindi limitado sa kasaysayan ng pagba-browse, kasaysayan ng paghahanap, at impormasyon tungkol sa iyong pakikipag-ugnayan sa mga website, application, o advertisement
- **Lead Data:** Impormasyon para sa pagbuo ng lead at pakikipag-ugnayan kapag nagpahayag ka ng interes sa isang sasakyan, kabilang ang pangalan,

impormasyon sa pakikipag-ugnayan, modelo ng sasakyang interesado ka, at pinagmulan ng lead (gaya ng sa pamamagitan ng aming website o call center);
- **Data ng Geolocation**: Kabilang ang mula sa iyong (mga) mobile device at (mga) sasakyan

Maaari naming gamitin (at maaaring ginamit namin sa loob ng 12 buwang panahon bago ang petsa ng pagkakabisa ng Pahayag na ito) ang mga kategorya ng personal na impormasyong nakalista sa itaas para sa mga layuning inilalarawan sa Patakaran sa Privacy at para sa ilang layuning pangnegosyo na tinukoy sa CCPA, gaya ng:

- Pagsasagawa ng mga serbisyo, kabilang ang pagpapanatili o pagseserbisyo ng mga account, pagbibigay ng serbisyo sa customer, pagproseso o pagtupad ng mga order at transaksyon, pagpapatunay ng impormasyon ng customer, pagproseso ng mga bayad, pagbibigay ng mga serbisyo sa financing, pagbibigay ng mga serbisyo sa analytics, pagbibigay ng storage, o pagbibigay ng katulad na mga serbisyo
- Pag-audit na nauugnay sa pagbibilang ng mga ad impression sa mga natatanging bisita, pagpapatunay sa pagpoposisyon at kalidad ng mga ad impression, at pag-audit sa pagsunod
- Panandalian at pansamantalang paggamit, kabilang ngunit hindi limitado sa hindi naka-personalize na advertising na ipinapakita bilang bahagi ng kasalukuyan mong pakikipag-ugnayan sa amin
- Pagtulong na matiyak ang seguridad at integridad hangga't ang paggamit ng iyong personal na impormasyon ay makatuwirang kinakailangan at naaayon sa mga layuning ito
- Pag-debug upang matukoy at ayusin ang mga error na nakapipinsala sa umiiral at nilalayong functionality
- Pagsasagawa ng panloob na pananaliksik para sa teknolohikal na pagbuo at pagpapakita
- Pagsasagawa ng mga aktibidad upang patunayan o mapanatili ang kalidad o kaligtasan ng isang serbisyo o device na pagmamay-ari, ginawa, ipinagawa, o kontrolado namin, at upang pahusayin, i-upgrade, o pagandahin ang serbisyo o device na pagmamay-ari, ginawa, ipinagawa, o kontrolado namin.
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa advertising at marketing, maliban sa cross-context behavioral advertising (na tinatalakay sa seksyong "Pagbebenta o Pagbabahagi ng Personal na Impormasyon" ng Pahayag na ito)
- Pagsasama ng pagbuo ng lead at kaugnay na pag-uulat ng mga sukatan/KPI;

2. Pagkolekta at Paggamit ng Sensitibong Personal na Impormasyon

Hindi kami nangongolekta o gumagamit ng personal na impormasyon para sa layuning maghinuha ng mga katangian tungkol sa mga indibidwal (at hindi kami nangolekta o gumamit ng ganitong uri ng personal na impormasyon sa loob ng 12 buwang panahon bago ang petsa ng pagkakabisa ng Pahayag na ito). Hindi namin ginagamit ang

sensitibong personal na impormasyon para sa mga layuning hindi pinahihintulutan ng CCPA at ng mga regulasyon nito.

3. Mga Pinagmumulan ng Personal na Impormasyon

Sa loob ng 12 buwang panahon bago ang petsa ng pagkakabisa ng Pahayag na ito, maaaring nakakuha kami ng personal na impormasyon tungkol sa iyo mula sa mga sumusunod na kategorya ng mga pinagmulan:

- Direkta mula sa iyo
- Sa pamamagitan ng iyong device
- Mga data broker
- Mga advertising network
- Mga social network
- Mga provider ng data analytics
- Mga database ng pamahalaan
- Kaakibat na kumpanya ng sasakyan

4. Pagpapanatili ng Personal na Impormasyon

Pinapanatili namin ang personal na impormasyon sa panahong makatuwirang kinakailangan upang makamit ang mga layuning nakasaad sa Patakaran sa Privacy na ito, maliban kung ang mas mahabang panahon ng pagpapanatili ay inaatas o pinahihintulutan ng naaangkop na batas, na isinasaalang-alang ang mga kaugnay na statute of limitations at ang aming mga kinakailangan at patakaran sa pagpapanatili ng mga rekord.

5. Pagbebenta o Pagbabahagi ng Personal na Impormasyon

Tinutukoy ng sumusunod na talahanayan ang mga kategorya ng personal na impormasyong ibinenta o ibinahagi namin sa mga third party sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng pagbabago ng Patakaran sa Privacy na ito at, para sa bawat kategorya, ang kategorya ng mga third party kung kanino namin ibinenta o ibinahagi ang personal na impormasyon:

Kategorya ng Personal na Impormasyon	Kategorya ng mga Third Party
Mga Identifier: mga identifier gaya ng tunay na pangalan, alyas, address na padadalhan ng sulat, numero ng telepono, email address, at pangalan ng account	Kaakibat na kumpanya ng sasakyan

Nagbenta o nagbahagi kami ng personal na impormasyon sa mga third party upang isulong ang aming mga interes na komersyal o pang-ekonomiya.

Hindi namin sinasadyang kinokolekta, ibinebenta, o ibinabahagi ang personal na impormasyon ng mga consumer na wala pang 16 taong gulang. Hindi kami nangongolekta o nagpoproseso ng sensitibong personal na impormasyon para sa layuning maghinuha ng mga katangian tungkol sa mga indibidwal.

---

6. Profiling

Hindi kami nagsasagawa ng profiling upang suportahan ang mga desisyong nagdudulot ng legal o katulad na makabuluhang epekto sa iyo.

7. Mga Pagbubunyag ng Personal na Impormasyon

Sa loob ng 12 buwang panahon bago ang petsa ng pagkakabisa ng Pahayag na ito, maaaring ibinunyag namin ang mga sumusunod na kategorya ng personal na impormasyon sa ilang kategorya ng mga service provider o contractor para sa mga layuning pangnegosyo na nakalista sa seksyong Pagkolekta at Paggamit ng Personal na Impormasyon sa itaas:

Kategorya ng Personal na Impormasyon
Mga Identifier
Online na Aktibidad
Mga Natatanging Personal na Identifier

Bukod dito, maaaring ibinunyag namin ang Lead Data sa TMNA sa loob ng 12 buwang panahon bago ang petsa ng pagkakabisa ng Pahayag na ito.

8. Mga Karapatan sa Privacy ng California

Kung ikaw ay residente ng California, mayroon kang mga sumusunod na karapatan kaugnay ng iyong personal na impormasyon:

• Karapatang malaman kung anong personal na impormasyon ang nakolekta namin tungkol sa iyo, kabilang ang mga kategorya ng personal na impormasyon, mga kategorya ng mga pinagmulan kung saan namin nakolekta ang personal na impormasyon, ang layuning pangnegosyo o komersyal sa pagkolekta, pagbebenta, o pagbabahagi ng personal na impormasyon (kung naaangkop), ang mga kategorya ng mga third party kung kanino namin ibinubunyag ang personal na impormasyon (kung naaangkop), at ang mga partikular na bahagi ng personal na impormasyong nakolekta namin tungkol sa iyo;

• Karapatang ipatanggal ang personal na impormasyong kinolekta namin mula sa iyo, alinsunod sa ilang pagbubukod;

• Karapatang iwasto ang hindi tumpak na personal na impormasyong pinananatili namin tungkol sa iyo;

• Kung nagbebenta o nagbabahagi kami ng personal na impormasyon, ang karapatang mag-opt out sa pagbebenta o pagbabahagi;

• Kung ginagamit o ibinubunyag namin ang sensitibong personal na impormasyon para sa mga layuning hindi pinahihintulutan ng CCPA at ng mga regulasyon nito, ang karapatang limitahan ang aming paggamit o pagbubunyag; at

• Karapatang hindi gantihan dahil sa paggamit ng mga karapatan sa privacy na ipinagkakaloob ng CCPA.

Paano Magsumite ng Kahilingan.

Ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay maaaring magsumite ng kahilingan para sa access, pagwawasto, o pagtanggal sa mga sumusunod na paraan:

Sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-422-7220 o pagsagot sa aming form ng kahilingan sa privacy na makukuha sa:

- Toyota Financial Services: https://www.toyotafinancial.com/us/en/data-privacy-request.html
- Lexus Financial Services: https://www.lexusfinancial.com/us/en/data-privacy-request.html

Para sa mga awtorisadong kinatawan, maaari naming hingin ang nilagdaang pahintulot ng indibidwal na nagpapatunay na awtorisado ang kinatawan na kumilos sa ngalan ng indibidwal.

Para sa mga tanong o alalahanin tungkol sa aming mga patakaran at kasanayan sa privacy, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gaya ng inilalarawan sa "Paano Makipag-ugnayan sa Amin".

Pagpapatunay ng mga Kahilingan. Upang makatulong na protektahan ang iyong privacy at mapanatili ang seguridad, magsasagawa kami ng mga hakbang upang patunayan ang iyong pagkakakilanlan bago ka bigyan ng access sa iyong personal na impormasyon o tugunan ang iyong kahilingan. Kung hihiling ka ng access sa, o pagwawasto o pagtanggal ng, iyong personal na impormasyon, maaari naming hingin na magbigay ka ng ilang impormasyon upang kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan at/o mahanap ang iyong personal na impormasyon sa aming mga rekord. Bukod dito, maaari naming hingin na lumagda ka sa isang deklarasyon sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling na ikaw ang indibidwal na ang personal na impormasyon ang paksa ng kahilingan.

Karagdagang Impormasyon. Hangga't pinahihintulutan ng naaangkop na batas, maaari kaming maningil ng makatuwirang bayad upang tugunan ang iyong kahilingan.

Shine the Light. Hindi kami nagbubunyag ng personal na impormasyon sa mga third party para sa kanilang mga layunin ng direktang marketing. Alinsunod dito, wala kaming mga obligasyon sa ilalim ng California Civil Code § 1798.83.

Upang tingnan ang Online Privacy Policy sa Chinese, mag-click dito.

Upang tingnan ang Online Privacy Policy sa Spanish (Mexico), mag-click dito.

Upang tingnan ang Online Privacy Policy sa Spanish (Puerto Rico), mag-click dito.

Upang tingnan ang Online Privacy Policy sa Korean, mag-click dito.

Upang tingnan ang Online Privacy Policy sa Vietnamese, mag-click dito.

Upang tingnan ang Online Privacy Policy sa Tagalog, mag-click dito.